

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Limang bagong miyembro ang ipapasok sa Brampton Sports Hall of Fame

BRAMPTON, ON (Mayo 13, 2021) – Bawat taon, ang Brampton Sports Hall of Fame (BSHF) ay nagdidiriwang sa mga napagtagumpayan ng mga indibidwal na nakagawa ng napakahusay na mga kontribusyon sa pagpapaunlad sa sport sa Brampton. Sa 2021, ipinapasok ng Brampton Sports Hall of Fame ang limang bagong mga iniluklok para sa kahusayan sa sport.

Si Orlando Bowen ay ipapasok sa ilalim ng kategoryang Atleta para sa kanyang tagumpay sa football. Isang star na atleta sa ilang sports habang lumalaki sa Brampton, nakamit ni Bowen ang iskolarsip sa football para maglaro sa NCAA at propesyonal na naglaro sa Canadian Football League.

Si Kenneth Condie ay ipapasok sa kategoryang Builder para sa kanyang dedikasyon sa horseshoes. Si Condie ay ang unang miyembro ng horseshoe discipline na ipapasok sa Brampton Sports Hall of Fame. Siya ang lakas sa likod ng Brampton Men's Horseshoe Club mula nang sumali siya sa 1994 at nahirang sa komite noong 1997.

Si Timothy Trimper ay ipapasok sa kategoryang Atleta para sa kanyang dedikasyon sa hockey sa Brampton. Nakagawa ng kasaysayan si Trimper para sa Brampton Minor Hockey Association (BMHA), nang maging unang manlalaro siya mula sa organisasyon na nag-sign in sa NHL, nag-umpisa noong 1979 sa Chicago Blackhawks.

Si Zeny Lipinski ay ipapasok sa ilalim ng kategoryang Beterano para sa mga kontribusyon sa lacrosse. Nakapag-ambag si Lipinski sa lahat ng aspeto ng lacrosse, mula sa paglalaro hanggang sa pagiging executive mula nang mag-umpisa siya sa paglalaro sa sport sa Brampton noong 1957.

Si Robert Sanderson ay ipapasok sa kategoryang Builder para sa dedikasyon sa lacrosse. Ang pagkakaugnay ni Sanderson sa Brampton Excelsiors ay nag-umpisa sa 1969. Pinangasiwaan niya ang Major Excelsiors, at ang Canadian Box Lacrosse team kung saan nanalo sila ng gold medal sa World Games sa Philadelphia, Pennsylvania sa ilalim ng kanyang pangangasiwa.

Para malaman ang higit pa tungkol sa Brampton Sports Hall of Fame at sa mga inductee nito, bisitahin ang brampton.ca/bshf.

Ang Brampton Sports Hall of Fame ay itinatag noong 1979 ng pangkat ng dedicated na mga mahilig sa sport kaakibat ng Lungsod ng Brampton. Matatagpuan ito sa CAA Centre sa 7575 Kennedy Road South.

2022 Nominasyon

May kilala ba kayong tao na nakagawa ng napakahusay na kontribusyon sa sports sa ating lungsod? [↓ download ang form ng nominasyon para sa 2022!](#) Tatanggapin ang mga nominasyon hanggang Hunyo 15, 2021.

Mga Quote

“Congratulations sa mga iniluklok sa 2021 Brampton Sports Hall of Fame! Ang Brampton Sports Hall of Fame ay nagpaparangal sa kasaysayan ng sport sa Brampton at sa mga nakagawa ng napakahusay na mga kontribusyon at mga tagumpay sa sport sa ating komunidad. Ang mga iniluklok sa taon na ito ay nagpamalas ng kahusayan sa kanilang mga larangan, at pinapasulong ang sport sa Brampton.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Nananabik tayong ianunsyo ang mga iniluklok sa taong ito sa Brampton Sports Hall of Fame! Ang limang kilalang mga inductee na ito ay nakagawa ng malaking mga kontribusyon sa sport sa ating komunidad, pinatunayan ang kanilang mga sarili bilang mga lider sa bawat araw. Kinilala natin ang kanilang mga napagtagumpayan at hinihikayat ang mga nominasyon para sa 2022.”

- *Jeff Bowman, Konsehal ng Lungsod, Wards 3 at 4; Miyembro, Brampton Sports Hall of Fame Committee, Lungsod ng Brampton*

“Ang mga iniluklok sa 2021 Brampton Sports Hall of Fame ay naghatid ng karangalan sa Brampton sa pamamagitan ng kanilang karera sa sports. Tinatanggap namin ang mga nominasyon para sa 2022 para sa mga tao sa lahat ng antas ng performance at abilidad. Dapat kilalanin ang Napakahusay na mga Atleta, Builder, Beterano, at Team sa Brampton – magnomina ng isang tao ngayon.”

- *Doug Whillans, Konsehal ng Lungsod, Wards 2 at 6; Miyembro, Brampton Sports Hall of Fame Committee, Lungsod ng Brampton*

“Kahit na kailangang ipagpaliban ang mga seremonya ng induction para sa 2020 at 2021 dahil sa pandemya, hinihikayat ko ang lahat na ipaabot ang kanilang mga pagbati sa mga iniluklok o inductee. I-download ang form ng nominasyon para sa 2022 para maisaalang-alang ang mga bagong inductee.”

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca

KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca